Bakit Ako Nandito
(Isinulat ni Paulita L. Malay)

Nandito ako upang maging gabay ng iyong mabuting pag-babago.
Nandito ako upang makinig, hindi para gumawa ng milagro.
Nandito ako upang tulungan kang madiskubre
kung ano ang iyong damdamin,
Hindi upang alisin ang mga damdamin mo.
Nandito ako upang tulungan kang kilalanin ang iyong mga pagpipili-an
Hindi para magpasiya kung anong gagawin mo.
Nandito ako hindi para baguhin ang ginagawa mo
Kundi tulungan kang baguhin ang loobin mo sa iyong gagawin.
Nandito ako upang mapag-usapan natin ang mga hakbang na gagawin mo,
Hindi upang ako ang humakbang para sa iyo.
Nandito ako upang tulungan kang tuklasin ang iyong mga katangian,
Hindi para iligtas at iwanang mapag-samantalahan pa rin ng iba.
Nandito ako upang tulungan kang matuklasan ang sarili,
Hindi para akuin ang mga tungkulin mo.
Nandito ako upang tulungan kang matutong pumili ng mabuti.
Wika nga ni Eleanor Roosevelt:
"Walang makakasakit sa iyo ng walang pahintulot mo."
Nandito ako kasama mo upang makapagsabi kang
"Ako'y pipili ng panibago,"
Dahil naniniwala ako na makakapili ka ng panibago.

Isinulat ni Woodrow Wilson:

Nandito ka sa mundo hindi upang maghanapbuhay lamang.
Nandito ka para tulungan ang mundo na mamumuhay sa sagana,
Na magkaroon na mas malawak na paningin
Kasama ang pag-asa at pagkakamit.
Nandito ka upang mapagyaman ang mundo,
At kung makalimutan mo itong katungkulan mo,
Pinadukha or minamaralita mo ang sarili mo.

(Translated by Paulita)